

# KASAPI

ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG CARD MBA



## MGA MAHALAGANG PAALALA!

### Deklarasyon ng Benepisyaryo sa APK Form




Beneficiary: \_\_\_\_\_

**BENEPISYARYO (Beneficiary)** – Mga taong itinalagang tatanggap ng benepisyong kung mamatay o maging *total* at permanenteng baldado ang isang kasapi.

- **Pangunahing Benepisyaryo o Primary Beneficiary:** Taong unang may karapatang tumanggap ng nakalaang benepisyong para sa kasaping namatay.
- **Pangalawang Benepisyaryo o Secondary Beneficiary:** Taong nakatalagang tumanggap ng nakalaang benepisyong para sa kasaping namatay kung sakaling unang bawian ng buhay ang pangunahing benepisyaryo bago ang kasapi.

**PAALALA:** Hinihikayat ang mga kasapi na mas makabubuting itilaga bilang benepisyaryo ay mula sa hanay ng lehitimong kaanak. Kung wala ng lehitimong kaanak, maaaring magtalaga ang kasapi ng nanaisin niyang benepisyaryo pasabuli na ito ay hindi ipinagbabawal at kinikilala ng batas. Kung walang idineklarang benepisyaryo, ito ay ibibigay sa pinakamalapit na kamag-anak o legal na tagapagmana ayon sa batas. (CIVIL CODE)



### 22 PARES IKINASAL (Mass Wedding)

Dalawampu't dalawang (22) pares (mga kasapi ng CARD) ang ikinasal sa pamamagitan ng serbisong Mass Wedding sa ilalim ng programang "I Do, I Do, Araw ng Pag-IBIG" ng PAGIBIG Fund sa pakikipagtulungan sa CARD MBA at CARD Bank noong Pebrero 14, 2018 sa San Pablo City, Laguna.



Ang CARD MBA ay lumahok sa makabuluhang programang **Microinsurance Awareness Program** sa pangunguna ng Insurance Commission (IC) sa lungsod ng Tanauan sa Batangas noong ika-5 ng Marso, 2018. Kasama rito ang iba't ibang piling panauhin mula sa hanay ng Life, Non-Life insurance at Microinsurance Sectors upang makapagbahagi ng kaalaman sa mga pinuno ng iba't ibang Organized Group at maliliit na kooperatiba.



Microinsurance Awareness Program

### PAGLULUNSDAD NG KATUPARAN PLAN


Mahigit 30 units ng CARD SME Bank at Rizal Bank Inc. ang sumasailalim sa *pilot testing* ng bagong produktong inilunsad—**KATUPARAN PLAN**.

Isa itong insurance product na nakabundle sa **Katuparan Savings** ng CARD Banking Institutions. Ito ang magbibigay proteksyon sa pangarap na savings ng kasapi sakaling siya ay bawian ng buhay.



## MEMBERSHIP AT CLAIMS UPDATE (Year To Date)

  
**4,425,617**  
Aktibong Kasapi

  
**15,888,962**  
Bilang ng nakaseguro



**182,212** Naiprosesong Claims  
**PHP 374,491,002.54**  
Nabayarang benepisyong mula Enero hanggang Marso 2018



**CDRAP**  
**30,818**  
Family Packs



**Mass Wedding**  
**22**  
Pares

**94.74%**



Nabayarang Claims sa loob ng **8-24 Hours** Claims Strategy

#### EDITORIAL BOARD:

Editor-in-Chief: **May S. Dawat**

Associate Editor: **Jennifer O. Redublo**

Writers / Lay-out Artists: **Cristy C. Enriquez** and **Ivan B. Atendido**

Contributors: **Vincent M. Saltorio** and **Claims & Technical Support Department**